**Journal of Multidisciplinary in Education**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 1 | APRIL 2025

**LEADING PRACTICES IN EDUCATION: COMPENDUIM OF RESEARCH ON STRATEGIES INTERVENTION AND EDUCATOR WELL-BEING**

# Bagong Daniw ng Pag-ibig sa Lente ng Boy's Love Series: Kapakinabangan at Hamon sa Makabagong Panitikan

**Dr. Marion Claveria Laguerta**
Assistant Professor
Polytechnic University of the Philippines Santa Rosa, Campus
*mcllaguerta@gmail.com*

***Abstract*** -This study examines the cultural implications and level of acceptance of Boy's Love (BL) series as a form of contemporary literature. It explores the social and educational impact of BL narratives by analyzing the perspectives of students, teachers, and parents. The study employs Speech Act Theory and a mixed-method approach to identify the key themes in BL storytelling and its influence on literature instruction.

Findings reveal a high level of acceptance among participants, indicating the potential of BL series as a literary teaching material. In line with this, the study proposes a pedagogical framework for the effective integration of BL narratives into modern literary education

***Keyword:*** *Boy's Love, Contemporary Literature, LGBTQ+, Cultural Acceptance, Literature Teaching*

## INTRODUCTION

Ang pag-aaral ng panitikan ay naipakikita ang mga salaysay na kultural at panlipunan. Gayundin, nakikilala ang kalinangan at kamalayan ng mga Filipino — mula sa minanang kasaysayan hanggang sa pagdebelop nito sa kasalukuyang pag-iisip at kaugalian. Ayon kay Villafuerte (2000), sa pagbabago ng pamumuhay at kaugalian ng mga tao ay may kasabay na pagbabago ng anyo, porma, at tema ng mga akdang pampanitikan pati na rin ang lipunang pinagbabatayan na ito. Alinsunod nito ay ang pag-usbong ng iba't ibang kaisipan at pagtuturo sa mas mataas na edukasyon kamalayan na dulot ng nagbabagong panahon na siyang kinalauna'y lalamanin din ng panitikan. Sa paglitaw ng mga bagong genre, mahalagang suriin ang kanilang kabuluhan sa edukasyon at publiko. Ang Boy's Love (BL) series, na nagtatampok ng same-sex relationships, ay naging tanyag sa mainstream media, nagbubunsod ng mga diskusyon hinggil sa pagtanggap at representasyong pampanitikan. Sinusuri ng pag-aaral na ito ang pagtanggap sa BL series bilang isang anyo ng makabagong panitikan at ang potensyal nito bilang materyal sa

**OBJECTIVES OF THE STUDY**

1. Suriin ang bagong representasyon ng pag-ibig sa BL series gamit ang Speech Act Theory.
2. Tukuyin ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral, guro, at magulang sa BL narratives.
3. Suriin ang panlipunan at kultural na epekto ng BL series sa pananaw sa kasarian, identidad, at sekswalidad.
4. Bumuo ng isang pedagogical framework para sa paggamit ng BL series sa pagtuturo ng panitikan.

**METHODOLOGY**

Gumamit ang pag-aaral ng **mixed-methods research design o Cresswell design concurrent**, pinagsasama ang **kuwalitatibo** at **kuwantitatibong lapit.**

- **Mga Kalahok:** Kasama sa pag-aaral ang mga mag-aaral na kumukuha ng kursong Panitikang Filipino, kanilang mga magulang, at mga guro sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) Santa Rosa Campus.
- **Pagkalap ng Datos:** Gumamit ng survey questionnaire upang matukoy ang antas ng pagtanggap sa BL series. Ang malalimang pagsusuri sa nilalaman ay isinagawa gamit ang Speech Act Theory.
- **Paraan ng Pagsusuri:** Ginamit ang deskriptibong istatistika, weighted mean, at Kruskal-Wallis test sa pagsusuri ng datos, habang qualitative coding naman sa pagsusuri ng mga tema sa naratibo.
- **Etikal na Pagsasaalang-alang:** Lahat ng kalahok ay binigyan ng kaalaman tungkol sa layunin ng pag-aaral, at sinigurado ang pagiging kumpidensyal ng kanilang sagot.

**RESULT AND DISCUSSION**

***Pagtanggap ng BL Series sa Edukasyon at Lipunan***


Natuklasan na malawak ang pagtanggap sa BL series sa mga mag-aaral at guro, samantalang may ilang pag-aalinlangan mula sa mga magulang dahil sa tradisyunal na paniniwala. Ang **Talahanayan 1** ay nagpapakita ng antas ng pagtanggap ng mga kalahok:

***Talahanayan 1. Antas ng Pagtanggap sa BL Series bilang Materyal Pampanitikan***

| Grupo | Lubos na Sumasang-ayon | Sumasang-ayon | Neutral | Hindi Sumasang-ayon | Lubos na Hindi Sumasang-ayon |
|---|---|---|---|---|---|
| Mag-aaral | 60% | 30% | 5% | 3% | 2% |
| Guro | 55% | 35% | 5% | 3% | 2% |
| Magulang | 35% | 30% | 10% | 15% | 10% |

Sa kabuuan ng pag-aaral, malinaw na ipinakikita na maaaring maging batayan ng paglinang ng makabagong panitikan ang daniw ng pag-ibig sa lente mh BL Series sa nagbabagong bihis at anyo ng panitikan na maaaring maging materyal ng pag-aaral. pagsusuri, at pagpapayaman ng Panitikang Pilipino na higit na nagiging malikhain at paglalarawan ng kultura, paniniwala, at kaugalian sa makabagong panahon at daniw ng pag-aaral ng panitikan.

Makikita sa ibaba ang sa pagtuturo ng makabagong panitikan gamit ang BL series.




Makikita sa Framework na ito kung papaano ituturo ang makabagong panitikan na tulad ng Boy's Love Stories na patok na patok lalo na sa pagbabagong bihis, anyo at kulay ng panitikan, na ginamitan ng mananaliksik ng Venn Diagram gamit ang *Speech Act Theory* ni Austin na ang komunikasyong linggwistik ay hindi ang simbulo, salita o ang pangungusap mismo, kundi ang produksyon o paglikha ng mga simbulo, salita o pangungusap sa pagganap ng kanilang tinatawag na speech acts. Binubuo ito ng tatlong komponent na tinatawag na: lukyusyonari, ilokyusyonari, at perlokyusyonari na ang mga komponent na ito ang magsusuri sa lagay at takbo ng diyalogo ng mga tauhan na siyang pumupukaw sa kiliti ng manonood. Gagamitin din ang estetika (aesthetic) ng panitikang Filipino na tumutukoy sa ganda at mabigyan ng timbang na pagpapahalaga ang mga likhang sining ng ating mga kababayang manlilikha tulad ng BL Series bilang makabagong anyo ng panitikan. Mapapansin din na kinategorya ng mananaliksik ang bawat bilog sa tatlo; Batay sa Wika, Personal na Pagpapayaman at huli ay Literatura bilang nilalaman. Sa bawat kategorya makikita natin ang pokus na dapat pagtuunan ng pansin sa pagtalakay na nakaangla sa teorya ni Austin ang *speech act theory* sa pamamagitan nito lalalim ang gagawing

pag-aaral at lalong magiging maganda ang pagtingin sa ganitong klase ng genre dahil ang pokus nito ay sa nilalaman at takbo ng istorya.

**EPEKTO SA PANANAW SA KASARIAN AT IDENTIDAD**

Natukoy na ang BL series ay isang progresibong midyum sa pagtalakay ng LGBTQ+ na tema. Gamit ang Speech Act Theory, ipinakita ng pagsusuri na ang wika sa BL series ay nagtatampok ng inklusibong diskurso na humahamon sa tradisyunal na pananaw sa kasarian.

**MGA HAMON AT REKOMENDASYON**

Sa kabila ng positibong pagtanggap, ilan sa mga hamon ay ang pagtutol ng ilang konserbatibong grupo at kakulangan ng suporta mula sa mga institusyong pang-edukasyon sa pagsasama ng LGBTQ+ narratives sa kurikulum. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagsasama ng BL series sa mga diskusyong pang-akademiko sa ilalim ng **gender sensitivity framework** ng CHED.

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Batay sa mga nakalap na datos at kasagutan ng pag-aaral na binigyang interpretasyon at analisasyon ng mananaliksik, ang mga sumusunod na kongklusyon ang mga nahinuha:

1. Napatunayan ng mananaliksik na tanggap para sa mga mag-aaral, guro at magulang ang Boy's Love Stories bilang makabagong genre ng panitikan. Mababatid din na ang kanilang pagsang-ayon hinggil sa makabagong social norms na paksang homosekswalidad at same-sec relationship magmula sa konserbatibo, tradisyunal at relihiyosong kultura ng mga Pilipino.
2. Nabatid ng mananaliksik na positibo ang impluwensya ng kultural na salik batay sa paniniwala ng mga manunugon. Matibay ang kanilang pagtanggap at mabuti ang kanilang pagtingin hinggil sa mga usaping paksa ng homosekswalidad at same-sex relationship. Ito ay nagpapatunay na hindi tinitingnan ng mga mag-aaral ang ganitong usapin bilang imoral, katawa-tawa at malaswang uri ng paksa, na dahilan upang mabatid na tinatanggap na ang usaping nabanggit bilang bahagi ng reyalidad ng lipunan at parte ng isang panitikan tulad sa telebisyon, pelikula o maging sa tanghalan man.
3. May malaking pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga guro sa panitikan, estudiyante at magulang sa bagong daniw ng pag-ibig na ipinakita sa mga BL series. Makikita ang positibong pagtanggap ng mga respondente sa Boy's Love genre dahil nakita nila hindi lamang komedya at sekswal na tema ang ganitong uri ng panoorin bagkus ito'y may aral na magagamit sa pagsusuri ng akdang pampanitikan.
4. May malaking epekto sa pagtingin sa sekswalidad, at wika ang bagong daniw ng

pag-ibig na kinakatawan ng BL series sa mga guro ng panitikan, mag-aaral at magulang na sumasang-ayon sila pagmamahalan ng dalawang taong pareho ang kasarian at itinuturing ng normal ang pagiging homosekswal bilang pagkamulat sa reyalidad.

5. May kamtamang epekto ang bagong daniw ng pag-ibig ng BL series sa pamumuhay, kaugalian at paniniwala malay ang guro ng panitikan, estudiyante at magulang sa ganitong klase ngunit ang konsepto ng queer ay kailangan pang lubusang magkaroon ng sapat na pag-unawa.

6. May makabuluhang impluwensya ang lenggwahe ng BL series sa pagtanggap ng mga guro sa panitikan, estudyante, at magulang sa bagong daniw ng pag-ibig na hatid ng mga BL series. Dahil sa naiintindihan ng mga magulang, mga mag – aaral at mga guro sa panitikan ang ginagamit na tayutay, kasabihan, salawikain sa mga dayalogo ng mga bida sa BL series at naiintindihan nila ang laman na gusto nilang ipabatid, may epekto o nakakaimpluwensiya ng lenggwahe ng BL series sa antas ng pagtanggap ng mga guro sa panitikan, estudyante, at magulang sa bagong daniw ng pag-ibig na hatid ng mga BL series

Batay sa mga natuklasang sa pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik na:

1. Isakatuparan ang patuloy na pagsasaliksik ukol sa mga paksang gender sensitivity at ang kaugnyan nito sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, maituturo nang maayos ang pagpapaunawa ng konseptong queer.

2. Ipagpatuloy ang pagpapaliwanag at pagtuturo ukol sa Boy's Love na genre sa kahalagahan ng pagkakapantay-pantay at respeto ng pagtingin hinggil sa mga isyung pagkakaiba-iba ng sekswal na oryentasyon at maging kabahagi sila ng makabagong henerasyong kakalinga para sa mga LGBTQIA+ na walang poot at diskriminasyon. At bilang mga bagong sibol na magpagpatuloy ng henerasyong magmamahal sa Panitikang Filipino, nawa ay mas maunawaan nila ang kahalagahan nito bilang salamin ng lipunan at bahagi ng kasaysayan nang sa gayon ay mas maihayag pa nila ang kanilang nais ipabatid mula sa optimismong pag-iisip ang moralidad ng buhay.

3. Gabayan ang mga mag-aaral sa panonood ng ganitong klaseng panoorin upang maging malawak ang pagtingin sa pagkakaiba-iba ng oryentasyon. Maipaunawa ang pagpapahalaga at respeto lalo na sa mga kabataan na kabilang sa LGBTQIA+ na ito ay hindi isang sakit o sumpa na dapat iwasan o iwaksi sa lipunan.

4. Palawigin pa ang pagpapayabong ng Panitikang Filipino sa Makabagong Panahon na mulat ang pag-iisip sa pagsulat ng mga akdang makakatulong upang magbigay inspirasyon at pagmamahal sa Kulturang

Filipino. Nawa ay magamit nila ang kanilang dunong sa mabuting paraan na walang binibigyang diskriminasyon at pagsasantabi.

5. Pagtutuunan ng pansin ang paggawa ng mga palabas na may ganitong uri ng genre na magmumulat na ito'y di lamang sa usapin ng kalaswaan kundi isang anyo ng panitikang kapupulutan ng aral sa buhay na may pagpapahalga sa sarili at sa kapwa. Sa pag-aaral din na ito makakakuha ng ideya ang mga film producers na magbigay ng kamalayan tungkol sa mga isyung may kinalaman sa LGBTQIA+ sa pamamagitan ng paggawa ng palabas tungkol dito. Ito ay magandang hakbang na susupil sa diskriminasyon sa homosekswalidad sapagkat sa tama at wastong pangangaral ay mamumulat ang lipunan hinggil sa kabilangan ng mga ito sa pamayanan.

6. Sa Movie and Television Review and Classification Board, nararapat nitong bigyang pagsusuri at pagsasala ang mga ipinapalabas na Boy's Love Genre at mga uri nito sa takilya nang sa gayon ay mas maging positibo ang maging kaisipan ng lipunan sa ganitong uri ngpanitikan. Ito ay magandang pasimula upang maging normal ang pagtanggap ng publiko sa ganitong uri ng palabas, upang maging positibong ang pagbabago batay sa pag-uugali at pag-iisip ng mamamayan kapag sila ay nagkaroon ng positibo at wastong pagtingin sa ganitong klase ng genre. Sa ganitong pamamaraan maiibsan ang stigma at diskriminasyon sa mga komunidad ng LGBTQIA+ at tuluyan silang matanggap sa lipunan.

7. Gamitin ang McClarens Framework upang lalong maintindihan ng mga guro at mag-aaral ang pagtalakay sa ganitong klase ng panoorin o genre.

**REFERENCES**

Carreon, R. (2020). Ang Ebolusyon ng LGBTQ+ Narratives sa Midyang Pilipino. Journal of Cultural Studies, 18(3), 45-61.

Herek, G., & McLemore, K. (2013). Mga Panlipunang Saloobin Tungkol sa LGBTQ+ Representasyon. Social Psychology Review, 12(2), 78-9 Press.

Searle, J. (1996). Speech Acts: An Essay in the Philosophy of Language. Cambridge University